

Daloy Hanggang sa Maturukan ng Bakuna sa Covid-19

Walang bayad ang pagpaturuk ng bakuna sa Covid-19.

Ang mga pansamantalang nakalaya (*kari homen*) at iba pa, mga walang resident card (*juminhyo*) na mga dayuhan ay maaari din na magpabakuna.

1. May darating na “Abiso ng Pagpaturuk ng Bakuna sa Covid-19” at “Tiket sa Bakuna (Kupon)” mula sa munisipalidad.

Ang panahon na makatatanggap ng tiket sa bakuna ay magkakaiba depende sa edad at lugar.

Ang mga walang resident card (*juminhyo*) na mga dayuhan ay mangyaring kumunsulta sa munisipyo ng lugar kung saan kayo naninirahan, at ipakita ang kahit anong mapagkakakilanlan na nakalagay ang tirahan.

Sample ng Tiket sa Bakuna (Pinagkunan: Ministry of Health, Labour and Welfare “Navi ng Bakuna sa Covid-19”)

接種券		予診のみ		新型コロナウイルスワクチン 予防接種済証(臨時) Certificate of Vaccination for COVID-19	
券種	2 ワクチン接種	券種	1 予診のみ	1回目	メーカー/Lot No. (シール貼付け)
請求先	〇〇市 123456	請求先	〇〇市 123456	接種年月日	
券番号	1234567890	券番号	1234567890	2021年	
氏名	厚生 太郎	氏名	厚生 太郎	月 日	接種場所
クチン接種 2 回目		券種 1 予診のみ 2 回目		2回目	メーカー/Lot No. (シール貼付け)
請求先	〇〇市 123456	請求先	〇〇市 123456	接種年月日	
券番号	1234567890	券番号	1234567890	2021年	
氏名	厚生 太郎	氏名	厚生 太郎	月 日	接種場所
氏名 厚生 太郎		氏名 厚生 太郎		氏名	厚生 太郎
住所 〇〇市 〇〇 999-99		住所 〇〇市 〇〇 999-99		住所	〇〇市 〇〇 999-99
生年月日 〇〇年 〇〇月 〇〇日 生		生年月日 〇〇年 〇〇月 〇〇日 生		生年月日	〇〇年 〇〇月 〇〇日 生
〇〇市長 日本 一部		〇〇市長 日本 一部		〇〇市長 日本 一部	

接種を受ける方へ

- シールは剥がさずに、台紙ごと接種場所へお持ちください。
- 右側の予防接種済証は接種が終わった後も大切に保管してください。

2. Magpareserba ng pang-1 beses na bakuna
Ang bakuna ay 2 beses. Una sa lahat ay magpareserba muna ng pang-1 beses.

<Paraan ng Pagpareserba>

- Kung magpapabakuna sa itinakdang lugar ng munisipalidad
Magpareserba mula sa site para sa reserbasyon ng munisipalidad, o kaya ay tumawag sa call center ng munisipalidad para magpareserba.
Sa “Abiso ng Bakuna” ay nakasulat ang URL at QR Code ng site para sa reserbasyon, at numero ng telepono ng call center.
- Kung magpapabakuna sa institusyong medikal (palaging pinupuntahang hospital at iba pa)
Iba sa munisipalidad ang paraan ng pagpareserba, kaya mangyaring tingnan na lamang sa abiso o kaya ay sa homepage ng munisipalidad.
Maaaring pagpareserba ng direkta sa institusyong medikal (homepage o kaya ay telepono) at maaari din na magpareserba sa site ng reserbasyon ng munisipalidad o kaya ay mula sa call center.

Ang mga institusyong medikal kung saan maaaring magpabakuna ay maaaring hanapin sa site na nasa ibaba (Wikang Hapon at Wikang Ingles lamang)

Wikang Hapon: <https://v-sys.mhlw.go.jp/search/>

Wikang Ingles: <https://v-sys.mhlw.go.jp/en/search/>

Ang iba pa ay, sa mga darating na araw ay malamang na maaari nang makapagpabakuna sa pinagtrabahuhan, sa pinapasukang unibersidad.

- ※Mangyaring mag-ingat na huwag magpareserba sa 2 o higit pang lugar.
- ※Ang paraan o kaya ay pamamaraan ng pagpareserba ay maaaring magbago sa hinaharap.

3. Magpapaturok ng pang-1 beses na bakuna
Mga dadalhin: Tiket sa bakuna,
Katunayan ng mapagkakakilanlan (residence card, passport, my number card, at iba pa),
Slip ng pagsusuri “yoshin-hyo” (Matatanggap kasabay ng tiket sa bakuna at sulatan. Tingnan ang nasa ibabang site para sa bersyon ng iba’t-ibang wika na sanggunian.)
https://www.mhlw.go.jp/stf/seisakunitsuite/bunya/vaccine_tagengo.html
4. Magpareserba ng pang-2 beses na bakuna
5. Magpapaturok ng pang-2 beses na bakuna

Pag-iingat Pagkatapos na Mabakunahan

Pagkatapos na maturukan ng bakuna, maghintay ng 15~30 minutos sa lugar.

May mga sumasama ang pakiramdam pagkatapos na maturukan ng bakuna.

Kung grabe ang mga sintomas, na hindi gumaling-galing kahit ilang araw na ay kumunsulta sa institusyong medikal

Kahit naturukan na ng bakuna, ay ipagpatuloy pa rin ang pagsusuot ng mask at iba pa bilang pangontrol sa impeksyon.

Para sa Pakikipag-ugnayan (Kontak)

Ukol sa pangkalahatang bagay tungkol sa bakuna:

Ministry of Health, Labour and Welfare’s Covid-19 Call Center sa Bakuna

0120-761770 (Libre / Tumatanggap kahit Sabado,Linggo,Pista Opisyal)

Wikang Hapon / Ingles / Intsik / Koryano / Portugal / Espanyol: 9:00-21:00

Thai: 9:00-18:00

Vietnamese: 10:00-19:00

※Magsasalita ng wikang Hapon sa una. At mangyaring sabihin ang “*Tsuyaku o shite hoshii* (nais ko po ng interpreter)”.

Ukol sa Pagpareserba: Mangyaring kumunsulta sa munisipyo ng tinitirhan ninyong lugar.

Pinagkunan・Sanggunian

「ワクチン 接種までの流れ 接種予約は」 (NHK 新型コロナウイルス特設サイト)

<https://www3.nhk.or.jp/news/special/coronavirus/vaccine/flow/>

「コロナワクチンナビ」 (厚生労働省)

<https://v-sys.mhlw.go.jp/>

「外国人住民向けにコロナワクチン情報発信。多言語コールセンターや 17 言語でのお知らせも」

(Buzz Feed)

<https://www.buzzfeed.com/jp/sumirekotomita/covid-vaccine-1>